PAGTULONG SA IYONG ANAK NA MAGTAGUMPAY SA ISKUWELA

Maraming mga paraan na ikaw, bilang isang magulang, ay maaring makatulong sa iyong anak na magtagumpay sa iskuwela. Ang papel na ito ay naglalaman ng ilang mga ideya upang matulungan kang tulungan ang iyong anak sa mga sumusunod na mga bahagi:

- **Takdang Aralin**: Ang takdang aralin ay itinatakda bawat gabi. Kadalasan ang mga istudyante ay may gawain sa pagbabaybay at matematika na kailangang kumpletuhin. Nararapat na isulat ng iyong anak ang mga takdang aralin. Bilang isang magulang, maari mong siguraduhin na ang trabaho ay natapos ng malinis at kumpleto.
- **Pagbabaybay**: Ang mga kard na may larawan ay maaring makatulong sa pag-aaral ng pagbabaybay ng mga salita. Narito ang paraan ng paggamit ng mga ito: Sa isang panig ng kard ng talaan ipasulat sa iyong anak ang salitang babaybayin. Sa kabilang panig, ipaguhit ang larawan ng ibig sabihin ng salitang iyon sa kanya. Sa mas matatandang mga bata, (ikalawang baiting o mas mataas) ay maaring magsulat ng kahulugan. Patignan sa iyong anak ang larawan o kahulugan at isulat ang salita.
- **Pagsulat**: Kung isinusulat ng iyong anak ang mga sagot sa mga tanong pagkatapos basahin ang teksto o aklat kailangan niyang gamitin ang isang bahagi ng tanong sa sagot. Halimbawa – "Bakit ninakaw ni Juan ang mga kukis? Ninakaw ni Juan ang mga kukis dahil siya ay nagugutom." Ito ay makakatulong sa kanya na bumuo ng kumpletong mga pangungusap. Sa pangkalahatan kapag ang istudyante ay kailangang magsulat ng istorya kailangan niyang sagutin ang mga sumusunod na mga tanong: Ano ang problema sa istorya? Paano nalutas ang problema? Kailan at saan nangyari ang istorya? At tungkol kanino ang istorya? Tandaan, kung nagsusulat, ang kalinisan at pagbabaybay ay mahalaga, kaya maglagay ng diksiyonaryo sa tabi.
- **Pagbasa**: Magbasa ng malakas kasama ang iyong anak araw-araw. Magtabi ng maraming mababasang mga materyales sa paligid ng iyong bahay. Basahin ang kaparehong aklat na binabasa ng iyong anak at pag-usapan ninyo ng magkasama ang tungkol sa aklat. Kumuha ng mga aklat sa teyp. Dalhin ng regular ang iyong anak sa aklatan. Maraming mga aklat-gawain na maari ninyong mabili sa mga tindahan siguraduhing piliin ang tamang lebel ng grado..
- **Matematika**: Kailangang sanayin ng iyong anak ang mga basikong katotohanan ukol sa pagdaragdag at pagbabawas (4+5=9, 9-5=4) at kung ang iyong anak ay nasa ikatlo o ikaapat na baiting ng multiplikasyon at dibisyon (3x5=15, 15--5=3). Gumawa o bumili ng mga plaskard na may *problema* sa isang bahagi at ang *kasagutan* sa kabila. Maari kang gumawa ng mga laro upang ang pagsasanay ay maging kaaliw-aliw.
- **Pagpasok**: Ang pagpasok sa iskuwela araw-araw ay mahalaga. Kailangan ng iyong anak na matulog ng mabuti sa gabi, kumain ng almusal at pumasok sa iskuwela na may masustansiyang isnak at tanghalian (o perang pambili ng tanghalian). Kailangan niya ring dalhin ang kanyang natapos na takdang aralin.

Para sa mga istudyate na nag-aaral bumasa sa salitang Ingles, ang gawain ng pagsulat at pagbabaybay ay maaring maging mas mahirap ngunit ang pagsasanay ay makatutulong sa kanilang pag-unlad. Ang paghanap ng isang kaibigan sa paligid na makakasamang mag-aral ay makakatulong rin. Ang oras ng paglalaro ay isang mabuting panahon upang matutuhan ang wika at gumamit ng ilang mga kakayahang natutuhan sa iskuwela. Para sa higit na impormasyon makipag-usap sa guro ng iyong anak, siya ay maaring makapagbigay ng mga materyales para sa pagsasanay sa bahay.